BDB Law
DU-BALADAD AND ASSOCIATES




# EASY TAX GUIDE PARA SA MGA MICRO, SMALL, AND MEDIUM-SIZED ENTERPRISES (MSMES)

## ABOUT THE FIRM

**Du-Baladad and Associates (BDB Law)** is a leading global tax law firm in the Philippines, specializing in three core practice areas: **Tax, Legal, and Consulting**

We are committed to upholding the highest standards of quality in our tax services. By partnering closely with you, we provide holistic and professional solutions, crafting innovative strategies tailored to meet your unique needs.

## CONTACT US



BDB Law
DU-BALADAD AND ASSOCIATES

+63 2 403 2001

info@bdblaw.com.ph

20th Floor, Chatham House, Rufino cor. Valero Sts., Makati City
1227, Philippines

bdblaw.com.ph

## 1. ANO ANG MSME?

Ang **MSME, o Micro, Small, at Medium-sized Enterprises**, ay mga negosyo na may kabubuang ari-arian na nagkakahalaga ng:

- **Micro** – Hanggang ₱3,000,000
- **Small** – ₱3,000,001 hanggang ₱15,000,000
- **Medium** – ₱15,000,001 hanggang ₱100,000,000

Ang mga ito ay pwedeng sole proprietorship, partnership, corporation, o cooperative.

Ang mga **BMBE** naman, o **Barangay Micro Business Enterprises,** ay mga negosyo na may kabuuang ari-arian na hindi lalagpas sa ₱3,000,000 (Section 3(a), R.A. 9178 – BMBE Act of 2002).

May mga benepisyo ang BMBE tulad ng:

- Exemption sa income tax
- Hindi sakop ng Minimum Wage Law
- Dagdag na tulong sa financing, training, at technology

💡 **Tip:** Kung maliit ang puhunan at gustong makakuha ng mga benepisyong makakatulong sa negosyo, mag-apply bilang BMBE sa DTI.

## 2. KAILANGAN KO BANG IREHISTRO ANG NEGOSYO KO?

Oo. Lahat ng negosyo, maliit o malaki, may opisina o sa bahay lamang, ay kailangang irehistro. Ito ay para maging legal ang operation mo at makaiwas sa penalty o multa mula sa gobyerno.

💡 **Tip:** Kapag rehistrado ka, mas madali kang makakuha ng loans, permits, at puwedeng magbigay ng resibo sa customers mo.

## 3. SAAN AKO MAGREREHISTRO?

Depende sa uri ng negosyo mo:

- **Sole Proprietorship** (o indibidwal at personal na Negosyo): Magparehistro sa **Department of Trade and Industry (DTI)**
- **Partnership / Corporation / One Person Corporation:** Magparehistro sa **Securities and Exchange Commission (SEC)**

Kung gusto mong maging **BMBE**, mag-apply ng **BMBE Certification** sa DTI sa pamamagitan ng **Negosyo Center** sa inyong lugar.

💡 **Tip:** Ayon sa **Republic Act No. 10644 (Go Negosyo Act)**, dapat may Negosyo Center sa bawat lungsod at munisipalidad para tumulong sa mga MSMEs. Ang **Negosyo Centers** ay libre at nandiyan para tumulong sa MSMEs sa pag-aasikaso ng business registration, training, at pagkuha ng mga permit.

## 4. ANO ANG ONE PERSON CORPORATION (OPC)?

Ang **One Person Corporation (OPC)** ay isang corporation na iisang tao lang ang may-ari. Puwede itong itayo ng isang natural person, trust, o estate. Kahit iisa lamang ang may-ari, ang OPC ay itinuturing pa din na may hiwalay na pagkatao sa may-ari.

📖 **Legal Basis:** Section 10, R.A. 11232 – Revised Corporation Code of the Philippines

💡 **Halimbawa:** Kung gusto mong gawing corporation ang negosyo mo pero ayaw mo ng partners, puwede kang mag-OPC. Ikaw lang ang may-ari, pero kailangan mong sundin ang mga patakaran ng SEC tulad ng capital requirement at reporting.



## 5. SINO ANG HINDI PUWEDENG MAGTAYO NG OPC?

Kahit sino puwedeng magtayo ng One Person Corporation maliban sa mga sumusunod (ayon sa **Section 116, R.A. 11232 o Revised Corporation Code):**

- Mga **bangko** at **quasi-banks**
- Mga **pre-need, trust, at insurance companies**
- **Public at publicly-listed companies**
- **Government-owned or controlled corporations (GOCCs)**
- Mga **professionals** tulad ng accountants o lawyers (maliban kung pinapayagan ng special law)

💡 **Tip:** Kung isa kang licensed professional (halimbawa, CPA o architect), mas mabuting mag-register ka muna bilang **sole proprietor** sa DTI kaysa mag-OPC.

## 6. KAILANGAN KO BANG KUMUHA NG BUSINESS PERMIT O LICENSE?

**Oo.** Kailangan mong kumuha ng **business permit at mayor's permit** mula sa **Local Government Unit (LGU)** kung saan matatagpuan ang negosyo mo. Ito ay isang **requirement** para makapagsimula ng legal na operation. Puwede kang pumunta sa **Negosyo Center** sa inyong lugar para magpatulong.

💡 **Tip:** Kapag kumpleto ka sa permits, mas madali kang makakuha ng clients at suppliers dahil nakikita nilang legal ang negosyo mo.



## 7. KAILANGAN KO BANG MAGPAREHISTRO SA BIR AT KAILAN ITO DAPAT GAWIN?

**Oo.** Lahat ng negosyo — malaki man o maliit, online man o physical store — ay **kailangang magparehistro sa Bureau of Internal Revenue (BIR)** bago magsimula ng operasyon, bago magbayad ng anumang buwis, o bago mag-file ng tax return. Ang **BIR registration** ay patunay na ang negosyo mo ay **legal at tax-compliant.**

Kapag nakarehistro ka na, mabibigyan ka ng:

- **Certificate of Registration (BIR Form 2303)**
- **Notice to Issue Receipt/Invoice (NIRI)**

📖 **Legal Basis**: Section 5(A), Revenue Regulations No. 7-2024

💡 **Para sa mga Barangay Micro Business Enterprises (BMBEs):** Kailangan ding magparehistro sa **DTI** bilang BMBE para makuha ang mga **tax incentives** tulad ng income tax exemption.

💡 **Tip:** Magparehistro bago ka pa magsimula ng negosyo para makaiwas sa penalty o multa. Mas maagang registration = mas kaunting hassle at mas madaling pagproseso ng resibo at tax filing.

## 8. PAANO AKO MAGREREHISTRO SA BIR?

**Step 1:** Punan ang BIR Form 1901 (Application for Registration).
**Step 2:** Pumunta sa BIR Revenue District Office (RDO) na may sakop sa lugar ng iyong negosyo o tirahan.
**Step 3:** Pagkatapos ma-approve, makukuha mo ang **Certificate of Registration (BIR Form 2303) at Notice to Issue Receipt/Invoice (NIRI)**

Maaari din magparehistro ng hindi nagpupunta sa RDO sa pamamagitan ng **Online Registration and Update System o ORUS** ng BIR.

📖 **Legal Basis:** Section 5(B) and 5(C), Revenue Regulations No. 7-2024

💡 **Halimbawa:** Kung may maliit kang sari-sari store sa Barangay San Isidro, pumunta sa RDO na may sakop sa lugar na iyon para doon ka magparehistro.

## 9. ANO ANG GAGAWIN KO SA CERTIFICATE OF REGISTRATION (COR) AT NOTICE TO ISSUE RECEIPT/INVOICE (NIRI)?

Ilagay ito sa **madaling makita** sa loob ng iyong negosyo — halimbawa, sa tabi ng cash register o sa dingding sa harap ng counter. Ito ay **patunay na legal** ang negosyo mo at nakarehistro ka sa BIR.

💡 **Tip:** Kung may mag-inspect mula sa BIR, siguraduhing maipapakita mo agad ang mga dokumentong ito.

## 10. KAILANGAN KO PA BANG GAWIN ANG IBANG REQUIREMENTS PAGKATAPOS MAGPAREHISTRO SA BIR?

**Oo.** Pagkatapos mong ma-register sa BIR, kailangan mong gawin ang mga sumusunod:

**Magpa-print ng resibo o invoice.**
- Mag-apply muna sa BIR para sa Authority to Print Invoices.
- Pag na-approve, pumunta sa **BIR-accredited printer** para sa printing ng iyong resibo.

**Irehistro ang iyong books of accounts.**
- Puwede kang pumili ng **manual, loose-leaf, o computerized books of accounts.**
- Karaniwan, ang maliliit na negosyo ay gumagamit ng **manual**, habang ang medium-sized ay **loose-leaf o computerized.**

**Mag-file ng tax returns at magbayad ng buwis** sa tamang petsa na itinakda ng batas.

📖 **Legal Basis**: Section 5, Revenue Regulations No. 7-2024

💡 **Tip:** Gumawa ng calendar o maglagay ng reminder sa phone mo para hindi makalimutang mag-file ng taxes on time.

## 11. ANO ANG MGA KINAKAILANGANG "BOOKS OF ACCOUNTS"?

Kabilang sa mga **required books of accounts** ang:

- Journal
- Ledger
- Cash receipts book
- Cash disbursement book
- Subsidiary sales journal
- Subsidiary purchase journal

Lahat ng transactions sa negosyo (halimbawa ay sales, expenses, payments) ay dapat **naka-record dito.**

💡 **Tip:** Kahit maliit lang ang negosyo, maganda na may maayos kang record-keeping. Mas madali kang makakapag-compute ng buwis at mag-apply ng loan sa bangko.

## 12. KAILANGAN BANG SUNDIN NG MSME ANG MGA BOOKKEEPING REQUIREMENTS NG BIR?

**Oo.** Bukod sa books of accounts, kailangan mo ring itago ang mga **supporting documents** tulad ng:

- mga resibo (invoice, official receipt),
- vouchers,
- at iba pang business records.

Ang mga dokumentong ito ay **patunay** ng iyong business transactions.

💡 **Tip:** Gumamit ng envelope o folder kada buwan para sa lahat ng resibo at gastos. Kapag in-audit ng BIR, madali mo silang maipapakita



## 13. ANO ANG DAPAT KONG GAWIN SA BOOKS OF ACCOUNTS?

Lahat ng **transaksyon ng negosyo** mo ay dapat naka-record dito — sales, gastos, bayad sa supplier, at iba pa.

Ang layunin ng books of accounts ay para maipakita kung **kumita o nalugi** ang negosyo mo at kung **tama ang buwis** na dapat bayaran.

📖 **Legal Basis**: Section 232(A) of the National Internal Revenue Code (NIRC)

💡 **Tip:** Kung hindi ka sigurado kung paano mag-record, magpatulong sa isang bookkeeper, accountant, o kahit accounting student. Hindi kailangang mamahalin — importante lang na tama ang record.

## 14. KAILANGAN KO BA NG CERTIFIED PUBLIC ACCOUNTANT (CPA) PARA I-AUDIT ANG BOOKS OF ACCOUNTS KO?

**Depende**. Kung ang **gross annual sales o benta mo ay hindi lalagpas sa ₱3,000,000, hindi mo kailangang ipa-audit** sa CPA ang books mo. Pero kung ang negosyo mo ay **nakarehistro sa SEC** (Partnership o Corporation), kailangan mo ng **CPA na accredited ng SEC at Board of Accountancy (BOA)** para maghanda ng financial statements mo.

📖 **Legal Bases:** Section 232(A), NIRC and SEC Rule No. 68, as amended

💡 **Halimbawa**: Kung sari-sari store ka o maliit na online seller, hindi mo kailangang kumuha ng CPA yearly. Pero kung registered ka as corporation, kailangan mo ng audited financial statements na pirmado ng isang CPA tuwing magpa-file sa SEC.




## 15. GAANO KATAGAL KONG DAPAT ITAGO ANG BOOKS OF ACCOUNTS AT MGA DOKUMENTO?

Kailangan mong **itago ang iyong books of accounts at mga supporting documents sa loob ng limang (5) taon.** Bibilangin ito mula sa deadline ng filing ng tax return, o kung late ka nag-file, mula sa actual date ng filing.

📖 **Legal Basis:** Section 4(A), Revenue Regulations No. 7-2024

💡 **Tip:** Itago ang mga records mo sa isang ligtas at tuyong lugar. Puwede ka ring mag-scan ng kopya sa computer o cloud para may backup.

## 16. KAILANGAN KO BANG MAG-ISSUE NG SALES INVOICE (SI)?

**Oo**, kailangan mong mag-issue ng **Sales Invoice (SI)** kapag ang sale o transaction ay **₱500 o higit pa.** Ang SI ang patunay ng benta mo sa customer.

💡 **Tip:** Kahit maliit lang ang halaga, maganda pa rin magbigay ng invoice — nakakatulong ito para maging transparent at legal ang negosyo mo.

## 17. KAILAN AKO DAPAT MAG-ISSUE NG SALES INVOICE (SI)? KAILANGAN BA NG OFFICIAL RECEIPT (OR)?

Kung nagbebenta ka **ng goods, property o ng kahit anong uri ng services**, mag-issue ka ng **Sales Invoice (SI).**

Kung dati ay kailangan ng **Official Receipt (OR)**, ngayon ay **Secondary documentation** na lamang ito dahil basehan na ang SI para sa lahat ng uri ng sales.

📖 **Legal Basis:** Revenue Regulations No. 7-2024

💡 **Tip:** Siguraduhing updated at may **"Authority to Print"** ang iyong resibo o invoice galing sa BIR-accredited printer.

## 18. ANONG MGA BUWIS ANG DAPAT KONG BAYARAN BILANG MSME?

Bilang MSME, kailangan mong magbayad ng mga sumusunod na buwis sa BIR office kung saan ka nakarehistro:

- **Income Tax (Quarterly at Annual)**
- **Value-Added Tax (VAT) o Percentage Tax**
- **Withholding Tax** (kung may empleyado o suppliers ka)

Bukod dito, kailangan mo ring magbayad sa City o Municipal Hall kung saan ka nag-ooperate ng:

- **Local Business Tax at**
- **Regulatory Fees.**

📖 **Legal Bases**: NIRC and Republic Act No. 7160 or the Local Government Code (LGC) of 1991

💡 **Tip**: Maganda kung may listahan ka ng lahat ng deadlines — BIR, barangay, at city hall. Iba-iba kasi ang schedule nila.

## 19. ANO ANG INCOME TAX?

Ang **Income Tax** ay buwis na binabayaran sa **kinita mo sa loob ng isang taon.** Ito ay base sa **net income** o tubo ng negosyo mo.

📖 **Legal Basis:** Section 24, NIRC

💡 **Halimbawa**: Kung kumita ka ng ₱500,000 ngayong taon at nagastos mo ang ₱300,000 sa puhunan at operasyon, ang net income mo ay ₱200,000 — dito ibabase ang income tax.

💡 **Tip**: Kung hindi ka sigurado kung paano mag-compute, puwede kang magpatulong sa bookkeeper o pumunta sa **BIR Taxpayer Assistance Desk**.

## 20. PAANO KO IKO-COMPUTE ANG INCOME TAX KO?

Depende ito kung **anong uri ng negosyo** mo:

- Kung **hindi incorporated** (halimbawa sole proprietor o self-employed), ang tax mo ay **personal income tax.**
- Kung **incorporated** (halimbawa Corporation, Partnership, o One Person Corporation), ang tax mo ay **corporate income tax.**

📖 **Legal Basis:** Section 24, NIRC

💡 **Tip: Laging tandaan** — kung sole proprietor ka, ikaw mismo ang taxpayer. Pero kung corporation, ang mismong kumpanya ang may obligasyon magbayad ng tax.

## 21. KUNG SOLE PROPRIETOR AKO, PAANO KO IKO-COMPUTE ANG INCOME TAX KO?

Kung sole proprietor ka at ang **annual gross sales o receipts mo ay hindi lalagpas sa ₱3,000,000**, may dalawang paraan ng pagbabayad ng tax:

**a. 8% Flat Income Tax**

- 8% ng gross sales o receipts mo na lagpas sa ₱250,000

**b. Graduated Income Tax Rate**

- Gumagamit ng graduated tax table (tax bracket system mula 15% hanggang 35%) depende sa laki ng kita mo

📖 **Legal Bases:** Section 24(A)(2)(a) and (b), NIRC

💡 **Halimbawa**: Kung ang gross receipts mo ay ₱1,000,000 at may ₱400,000 kang expenses:

- **Option A:** 8% of (₱1,000,000 - ₱250,000) = ₱60,000 tax
- **Option B:** Tuusin gamit ang graduated tax table

💡 **Tip**: Kung simple lang ang operations mo at maliit ang kita, mas madali at minsan mas mura ang **8% option.**



## 22. KUNG INCORPORATED ANG NEGOSYO KO, PAANO ANG TAX COMPUTATION?

Kung **corporation o One Person Corporation (OPC)** ka, may dalawang possible rates:

- **25% regular corporate income tax rate,** o
- **20% reduced rate** kung ang net taxable income ay hindi lalagpas sa ₱5,000,000 at kabuuang ari-arian ay hindi lalagpas sa ₱100,000,000.

📖 **Legal Basis:** Section 27(A), NIRC (as amended by CREATE Law)

💡 **Tip**: Marami sa mga MSMEs na corporation ay puwedeng mag-qualify sa **20% reduced rate**, kaya siguraduhing maayos ang accounting records mo para maipakita ito.

## 23. ANO ANG PAGKAKAIBA NG SOLE PROPRIETORSHIP AT ONE PERSON CORPORATION (OPC) PAGDATING SA BUWIS?

| Uri ng Negosyo | Taxpayer | Tax Rate | Remarks |
|---|---|---|---|
| **Sole Proprietorship** | Owner (individual) | 8% or Graduated rate | Personal income tax return (BIR Form 1701) |
| **One Person Corporation (OPC)** | The company | 25% or 20% | Corporate income tax return (BIR Form 1702) |

💡 **Tip:** Kung gusto mong **separate ang personal at business income mo,** mas maganda ang OPC. Pero kung maliit lang ang kita, mas simple ang **sole proprietorship.**

## 24. MAGKANO AT KAILAN AKO MAGBABAYAD NG LOCAL BUSINESS TAX AT REGULATORY FEES?

Ang **Local Business Tax (LBT) at Regulatory Fees** ay binabayaran sa City o Municipality Hall kung saan nakarehistro ang negosyo mo.

📖 **Legal Bases:** Section 143 at 165-166, Republic Act No. 7160 (LGC of 1991)

**Tandaan:**

- Ang Local Business Tax ay base sa **percentage ng gross sales o receipts** noong nakaraang taon.
- Ang Regulatory Fees naman ay para sa inspection at licensing.

💡 **Halimbawa**: Kung nasa Quezon City ka, magbabayad ka ng business tax base sa kinita mo last year, kadalasan tuwing Enero. Puwede rin itong bayaran quarterly.

💡 **Tip:** Laging i-check ang schedule ng city hall. Iba-iba ang rates at deadlines ng bawat LGU — huwag hintayin ang penalty bago mag-renew ng permit.

## 25. PAANO KUNG WALA AKONG SUPPORTING DOCUMENTS SA EXPENSES KO? PWEDE KO PA BANG I-DEDUCT IYON?

**Hindi**. Para makabawas (deduct) ng gastos sa buwis, kailangan mong **magpakita ng proof** o patunay ng lahat ng gastos tulad ng resibo, invoice, o voucher.

Pero kung hindi mo talaga nakumpleto ang mga dokumento, puwede kang gumamit ng **Optional Standard Deduction (OSD).**

📖 **Legal Basis:** Section 34(L), NIRC

💡 **Tip**: Mas maganda kung laging humihingi ng resibo sa lahat ng binibili para sa negosyo mo. Halimbawa, delivery fee, supplies, o bayad sa kuryente — lahat dapat may record.

## 26. ANO ANG OSD AT PAANO ITO KINOCOMPUTE?

Ang **Optional Standard Deduction o OSD** ay isang **fixed na bawas (deduction)** na puwedeng gamitin kapalit ng itemized deduction.

Sa OSD, **hindi mo na kailangang magpakita ng mga supporting documents** gaya ng resibo o invoice para sa mga gastos mo.

📌 **Ibig sabihin:**

Imbes na isa-isahin mo lahat ng gastusin ng negosyo mo, puwede mong gamitin ang **standard na 40% deduction base** sa kita mo.

**Depende ito sa uri ng negosyo mo:**

- **Kung Sole Proprietor:** 40% ng **gross sales o receipts** (walang deduction ng direct costs)

- **Kung Corporation:** 40% ng **gross income** (gross sales minus direct costs)

📖 **Legal Basis:** Section 34(L), NIRC

💡 **Halimbawa**: Kung ang gross sales mo ay ₱1,000,000 at may direct costs kang ₱300,000:

**Sole Proprietor:** ₱1,000,000 × 40% = ₱400,000 deduction

**Corporation**: (₱1,000,000 – ₱300,000) × 40% = ₱280,000 deduction

💡 **Tip**: Ang **OSD** ay magandang gamitin kung maliit lang ang gastos mo o hindi mo ma-track lahat ng resibo.

Pero kung malaki ang expenses mo at kompleto ka sa proof, mas mabuting gamitin ang **itemized deduction** dahil mas malaki ang puwedeng maibawas — at mas mababa ang babayaran mong buwis.

## 27. ANO ANG VALUE-ADDED TAX (VAT)? ANO NAMAN ANG PERCENTAGE TAX?

Ang **VAT at Percentage Tax** ay parehong **business taxes**. Ang pinagkaiba lang nila ay kung gaano kalaki ang benta mo.

- **VAT**: Para sa may annual sales na **higit sa ₱3,000,000**
- **Percentage Tax**: Para sa may annual sales na **₱3,000,000 pababa**

📖 **Legal Basis**: Section 116, NIRC

💡 **Tip**: Kung maliit pa ang negosyo mo, kadalasan ay **Percentage Tax** lang ang babayaran mo. Kapag lumagpas ka sa ₱3M na sales, automatic ka nang VAT-registered.

## 28. KUNG ANG ANNUAL SALES KO AY HINDI LALAGPAS SA ₱3,000,000, ANONG TAX AT MAGKANO ANG BABAYARAN KO?

Kung **hindi lalagpas sa ₱3,000,000** ang benta mo sa isang taon:

- **Hindi ka sakop ng VAT.**
- **Subject ka sa 3% Percentage Tax.**

Pero kung **pinili mo ang 8% Income Tax option**, hindi ka na magbabayad ng 3% Percentage Tax o VAT, kasi kasama na iyon sa 8% flat rate.

📖 **Legal Bases:** Section 24(A)(2)(b) and Section 116, NIRC

💡 **Halimbawa**: Kung ang gross sales mo ay ₱1,000,000:

- **Percentage Tax**: ₱1,000,000 × 3% = ₱30,000
- **8% Option:** ₱1,000,000 – ₱250,000 = ₱750,000 × 8% = ₱60,000

💡 **Tip**: Kung mas maliit ang gastos mo at gusto mong simple lang ang filing, mas maganda minsan ang **8% flat rate**. Pero kung marami kang expenses na puwedeng i-deduct, mas okay ang **graduated rate + percentage tax.**

## 29. ANO ANG WITHHOLDING TAXES?

Ang **Withholding Tax** ay buwis na **hinihiwa o kinukuha muna bago bayaran** ang isang tao o kumpanya. Ito ay paraan ng gobyerno para masiguro na nakokolekta agad ang tamang buwis.

May tatlong uri ng withholding taxes:

1. **Withholding Tax on Compensation** – galing sa sweldo ng empleyado
2. **Expanded / Creditable Withholding Tax (EWT/CWT)** – galing sa binabayad mo sa suppliers o service providers
3. **Final Withholding Tax (FWT)** – buwis na pinapataw sa piling klase ng kita o income.

📖 **Legal Basis:** NIRC, Sections 57–58

💡 **Halimbawa**: Kung nagbayad ka sa cleaner ng opisina ng ₱10,000 at required kang mag-withhold ng 2%, kailangan mong bawasan ng ₱200 at i-remit ito sa BIR.

💡 **Tip**: Laging mag-remit ng withholding tax on time. Kapag hindi, may interest, surcharge, at penalty.

## 30. SAAN AKO MAGFA-FILE NG TAX RETURNS AT MAGBABAYAD NG BUWIS?

Puwede kang mag-file at magbayad ng buwis sa alinman sa mga sumusunod:

- **Authorized Agent Banks (AABs)**
- **Revenue District Office (RDO)** kung saan ka nakarehistro
- **Accredited tax software provider o electronic systems ng BIR**

💡 **Tip**: Mas mabilis kung gagamit ka ng **eBIRForms o eFPS** — hindi mo na kailangang pumila sa bangko o BIR office.



## 31. KAILAN AKO DAPAT MAGBAYAD NG BUWIS AT ANONG TAX FORMS ANG GAGAMITIN?

Narito ang **karaniwang deadlines** para sa mga MSME:

| Uri ng Tax | Frequency | Form No. | Deadline |
|---|---|---|---|
| **Income Tax (Individual)** | Quarterly | 1701Q | 15th day after each quarter |
| **Income Tax (Corporate)** | Quarterly | 1702Q | 60 days after each quarter |
| **VAT** | Monthly/ Quarterly | 2550M / 2550Q | 20th day after month/quarter |
| **Percentage Tax** | Quarterly | 2551Q | 25th day after quarter |
| **Withholding Tax** | Monthly | 1601EQ / 1601FQ | 10th day after month end |

💡 **Tip**: Gumawa ng **tax calendar** o mag-set ng phone reminder. Late filing = penalty, interest, at minsan suspension ng COR.

## 32. PWEDE BANG MAG-FILE AT MAGBAYAD NG TAXES ONLINE?

**Oo**! Pwede mong gamitin ang **eBIRForms o Electronic Filing and Payment System (eFPS)** ng BIR.

💻 **Ano ang eBIRForms?**
Isang BIR software na puwedeng i-download para mag-fill up at mag-submit ng tax forms online.

💳 **Ano ang eFPS?**
Isang online system kung saan puwedeng **mag-file at magbayad ng buwis gamit ang internet** — diretso sa BIR at Authorized Agent Bank.

💡 **Tip**: Kung first time mo, mas madali muna ang **eBIRForms**.
Pag malaki na ang business mo o required ng BIR, mag-enroll sa **eFPS**.

## 33. PAANO MAG-FILE AT MAGBAYAD NG TAX RETURNS GAMIT ANG EBIRFORMS SYSTEM?

**Narito ang basic steps:**

**Step 1:** I-download ang eBIRForms Package sa website ng BIR: www.bir.gov.ph
**Step 2:** Punan ang tamang tax form (hal. 1701Q, 2551Q, 2550Q)
**Step 3:** I-submit online gamit ang eBIRForms system
**Step 4:** Magbayad ng tax sa isa sa mga sumusunod:

> Authorized Agent Bank (AAB)
> Revenue Collection Officer (RCO) gamit ang Mobile Revenue Collection System (MRCOS)
> **ePayment** option sa BIR website (GCash, Maya, Landbank, etc.)

💡 **Halimbawa:** Kung nag-file ka ng Percentage Tax return (Form 2551Q), puwede mong bayaran ito online gamit ang GCash o Landbank link sa BIR website.

💡 **Tip**: Pagkatapos magbayad, **i-save o i-print** ang confirmation email o payment reference number — ito ang ebidensya na nagbayad ka na.

## 34. ANO ANG MGA REQUIREMENTS PARA MAKAGAMIT NG EFPS?

Kung gusto mong gumamit ng **eFPS**, kailangan mong mag-enroll muna. Narito ang mga **requirements**:

1. **Magparehistro sa BIR Integrated Tax System**
2. **Mag-submit ng Certification** mula sa presidente o owner ng kumpanya na nagbibigay ng authority sa dalawang (2) officers para mag-file at mag-enroll sa eFPS
3. **Magpadala ng Letter of Intent** na gusto mong mag-avail ng eFPS
4. **Mag-enroll sa eFPS portal** ng BIR
5. **Mag-enroll sa Authorized Agent Bank (AAB)** na may e-payment system

💡 **Tip**: Kung wala kang corporate bank account, puwede kang gumamit ng **GCash, Maya, o Landbank Link.Biz** sa BIR website para magbayad ng buwis online.

## 35. ANO ANG MGA STEPS PARA MAG-ENROLL SA EFPS?

Narito ang step-by-step guide:
**Step 1:** Pumunta sa BIR website: **www.bir.gov.ph**
**Step 2:** I-click ang "**eFPS**" icon para pumunta sa homepage
**Step 3:** Sa login page, i-click ang "**Enroll to eFPS**"
**Step 4:** I-fill up ang enrollment form at i-submit
**Step 5:** Maghintay ng **confirmation email** mula sa BIR kung approved o disapproved ang enrollment mo
**Step 6:** Kapag approved na, maaari ka nang **mag-e-file at magbayad ng buwis online**

⚠️ **Paalala**: Tandaan ang iyong **username, password, at challenge question** — at huwag ibahagi sa iba.

💡 **Tip**: Gumawa ng notebook o secure file para itago ang iyong eFPS details. Mahirap mag-reset kapag nakalimutan.

## 36. MAY PENALTIES BA KAPAG HINDI AKO NAKAPAG-FILE O NAKAPAGBAYAD NG BUWIS SA ORAS?

**Oo**. Kung hindi ka nakapag-file o nakapagbayad ng buwis sa tamang oras, may mga **penalties** ayon sa batas:

- **Surcharge**: 10% ng total tax due
- **Interest**: 6% per year mula sa due date hanggang sa araw ng bayad
- **Compromise Penalty**: depende sa klase ng violation
- **Criminal Penalty**: Para sa mga seryosong paglabag, gaya ng hindi pag-issue ng resibo

💡 **Halimbawa**: Kung hindi ka nagbayad ng ₱10,000 na buwis sa oras, maaaring madagdagan ito ng ₱1,000 (10% surcharge) at 6% interest kada taon.

💡 **Tip**: Mas mabuting mag-file kahit zero return (no income) kaysa hindi mag-file. Ang late filing ay may penalty pa rin kahit walang kinita.

## 37. SAAN AKO PUWEDENG HUMINGI NG TULONG KUNG MAY TANONG AKO TUNGKOL SA BUWIS O REGISTRATION?

Pwede kang lumapit sa alinman sa mga sumusunod:

🏢 **BIR Office** kung saan ka nakarehistro – may **Taxpayer Assistance Desk** para sa mga MSMEs

🏬 **DTI Negosyo Centers** – nagbibigay ng libreng tulong sa business registration, permits, at compliance

🌐 **Online:**

- https://www.bir.gov.ph
- https://dti.gov.ph/programs-projects/negosyo-center

💡 **Tip:** Huwag matakot magtanong. Mas mabuting malinaw ang proseso kaysa magka-penalty dahil sa kakulangan ng impormasyon.









## NOTES & REMINDERS FOR MSMES AND BMBES

**1. Rehistro muna bago magnegosyo.**
Hindi kailangang malaki ang puhunan — kahit online seller, dapat registered.

**2. Keep your records organized.**
Tandaan: “Walang resibo, walang gastos.”

**3. File and pay on time.**
Mark your calendars! Lahat ng late filings may interest at surcharge.

**4. Learn to use eBIRForms or eFPS.**
Mas mabilis, mas madali, at mas less hassle kaysa pumila.

**5. Ask for help.** Pwede kang lumapit sa Negosyo Center o BIR Taxpayer Assistance Desk kung di ka sigurado.

💡 **FINAL TIP:**

Ang pagiging “compliant” ay hindi lang para makaiwas sa multa — ito ay tanda ng pagiging responsableng negosyante. Mas madali ring makakuha ng investors, clients, at government support kapag legal at maayos ang negosyo mo.